

Kapaligiran, Etika at Negosyo

Napoleon M. Mabaquiao, Jr., Ph.D.
De La Salle University, Manila

Abstract: *The causes of the environmental crisis are many and diverse, and so are the possible ways to handle and eventually resolve this crisis. This essay advances one of such possible ways which results from relating the following two considerations. On the one hand, a fundamental kind of cause attributed to this crisis, on a theoretical level, concerns the perspectives used to determine or weigh the value of nature for humans. The analysis of these perspectives is the primary task of environmental ethics. On the other hand, on a practical level, the usual causes of the environmental damages of great magnitude are the business acts of corporations. Corporations, for instance, are the ones extracting enormous resources from nature and likewise the ones dumping wastes into it on a large scale. These considerations give rise to the question of which theory in environmental ethics will appropriately serve as a moral guide for corporations in their dealings with the natural environment. In accordance with the type of ethical standing that can be attributed to corporations, this essay endorses a rationalist ethical perspective in the Kantian form to address the said question.*

Keywords: *Environmental Damages, Environmental Crisis, Environmental Ethics, Business Ethics, Corporate Ethics*

Panimula

I Isinusulong sa papel na ito ang isang pamamaraan ng pagsusuri sa kaganapan at posibleng kalutasan ng krisis pangkapaligiran, kung saan inuugnay ang mga teoretikal at praktikal na konsiderasyon hinggil sa kalikasan ng naturang krisis. Sa teoretikal na antas, isinasaalang-alang ang mga pagsusuring ginagawa sa larangan ng etikang pangkapaligiran, na nakatuon sa pagsisiyasat sa kung aling pananaw o perspektibo ang mas magbibigay-daan sa pagsulong ng tao sa kabutihan ng kalikasan. Sa praktikal na antas, isinasaalang-alang ang katotohanang malaki ang

ambag ng mga korporasyon sa pagkasira ng kalikasan o kapaligiran. Sa pagsasaalang-alang ng mga konsiderasyong ito, umuusbong ang katanungan hinggil sa kung anong etikal na pananaw, o teorya sa etikang pang-etika, ang mas magbibigay-daan sa mga korporasyon na isulong ang kabutihan ng kalikasan sa kanilang mga gawaing pangnegosyo, o ang mas akmang gumabay sa pakikitungo ng mga korporasyon sa kalikasan upang ang kanilang mga gawain ay hindi mauwi sa pagkasira ng kalikasan.

Nahahati sa tatlong pangunahing bahagi ang sanaysay. Sa unang bahagi, tatalakayin ang larangan ng etikang pangkapaligiran sa pangkalahatan. Unang susuriin ang mga iba't ibang pangkalahatang uri ng mga posibleng sanhi ng mga kasiraang pangkapaligiran, at kung alin sa mga ito ang tinutugunan ng etika. Pagkatapos nito, sisiyasatin naman ang mga iba't ibang teorya o pananaw sa etikang pangkapaligiran. Sa ikalawang bahagi, ipapakita ang naiaambag ng mga gawaing pangnegosyo ng mga korporasyon sa kasiraan ng kapaligiran. Pagkatapos ay sisiyasatin kung bakit kinakailangang isaalang-alang pa ang mga prinsipyong pang-etika gayung naririyang naman ang mga prinsipyong pang-ekonomiya at batas pampamahalaan na gumagabay sa mga kilos ng mga korporasyon. Sa ikatlong bahagi, sisiyasatin ang katayuang moral ng mga korporasyon, at sa kung aling pananaw pang-etika ang naaayon sa uri ng katayuang moral taglay ng mga korporasyon.

Sa kabuoan, isinusulong sa sanaysay na ito ang kaisipan na ang akmang teoryang pananaw na gumabay sa mga gawaing pangnegosyo ng mga korporasyon ay ang rasyonalismong pananaw na isinulong ng pilosopong si Immanuel Kant. Ito ay dahil ang rasyonal na uri ng katayuang moral lamang ang maaaring ipagpalagay na taglay ng mga korporasyon bilang mga artipisyal na persona na nilalang ng mga batas pampamahalaan.

I. Etikang Pangkapaligiran

Ang isa sa mga konkreto at lubhang seryosong suliraning kinakaharap ng mga tao sa kasalukuyan ay ang tinaguriang krisis pangkapaligiran. Ito ay tumutukoy sa malawakang pagkasira ng kalikasan o kapaligiran, na nagaganap habang ang mga tao ay gumagamit ng mga likas na yaman na sobra sa kakayahan ng

kalikasan na muling punan.¹ Hindi lamang ito isang seryosong banta sa buhay ng mga di-taong organismong naninirahan sa kalikasan, kundi sa buhay ng mga tao mismo. Upang maunawaan nang lubusan ang naturang krisis at makaisip nang mga nararapat na hakbangin tungo sa paglutas nito, kailangan natin ng isang maayos na balangkas sa mga posibleng sanhi nito at pag-unawa sa mga teoryang isinulong sa larangan ng etikang pangkapaligiran.²

Mga Sanhi ng Kasiraang Pangkalikasan

Napakaraming bagay ang maaaring matukoy bilang mga sanhi ng mga kasiraan ng kapaligiran o kasiraang pangkalikasan. Ang mga sumusunod ay ilan sa mga maisasama sa mga ito: kahirapang pangkabuhayan, lumalaking populasyon ng tao, bagyo, lindol, pagkalbo ng mga kagubatan, ilegal at iresponsableng pagtotroso, baha, polusyon sa hangin at katubigan, pagkatapon ng langis sa dagat, dumadaming basura (lalo ng mga produktong gawa sa plastik), paniniwalang di-nauubos ang mga likas na yaman, pagbaba ng kalidad ng lupa, maling polisiya sa paggamit ng lupa, nakapipinsalang polisiya sa agrikultura, dumadaming bilang ng mga sasakyan at ng mga industriya tulad ng pagmimina, progresibismong pananaw sa kalikasan, sobrang pagbuga ng usok mula sa mga pabrika, pagbabago sa klima, pag-init ng klima sa mundo, pagkasira ng ozone layer, ulang asido, urbanisasyon, basurang radioactive, pagmimina ng uranium, pag-recycle ng mga gamit ng mga bateryang gawa sa lead-acid, tsunami, pagguho ng lupa, mga utilityanismong pananaw sa kapaligiran, giyera, industryalismo, korapsyon sa pamahalaan, at konsumerismo.

Sa harap ng ganitong karaming sanhi ng krisis pangkapaligiran, na nagkakaiba-iba ang anyo o uri, hindi malayong mangyari na magkaroon ng pagtatalo, o kaguluhan, sa kung ano ang nararapat na pamamaraan ng pagsugpo ng naturang krisis. Halimbawa, anong mga sanhi ang dapat unahing tugunan, at alin sa mga ito ang saklaw ng isang pamamaraan ng pagtugon dito, halimbawa ng

¹ Ika nga ni John Coates: "The environmental crisis occurs as human activity uses more than nature can replenish and causes irreparable damage to land, water, air and people." ["The Environmental Crisis: Implications for Social Work." *Journal of Progressive Human Services* 16, no. 1 (2005): 26.]

² Ang temang ito ay tinalakay din ng may-akda sa kanyang aklat na *Making Life Worth Living: An Introduction to the Philosophy of the Human Person* (Quezon City: Phoenix Publishing House, 2017), 212-227.

mga pamamaraan ng pamahalaan, siyensya, at relihiyon. Ang isang lubhang kailangan ay isang maayos na balangkas ng mga sanhing ito, isang organisadong o sistematikong pamamaraan ng pagklasipika sa mga ito. Sa pamamagitan nito, madali nating masusuri ang kalikasan at ugnayan ng mga sanhing ito; at sa gayon ay madaling masisiyasat ang mga nararapat na pamamaraan ng pagtugon sa mga ito. Alinsunod sa konsiderasyong ito, isusulong natin ang pag-uuri sa mga sanhing ito sa apat na pangkalahatang grupo o kategorya, na tatawagin nating (1) mga sanhing pang-agham, (2) mga sanhing panlipuna't pang-ekonomiko, (3) mga sanhing pampamahalaan, at (4) mga sanhing pamperspektibo.

Ang mga sanhing pampisika ay tumutukoy sa mga sanhing mapag-aaralan gamit ang mga metodolohiya at teorya ng mga agham pangkalikasan tulad ng pisika, biolohiya, at kimika. Ang mga ito ay nararanasan sa pamamagitan ng ating limang pandama na kung minsá'y sa tulong ng mga siyentipikong kagamitan tulad ng teleskopyo at mikroskopyo; at ang mga ito ay masusukat. Bukod dito, ang kanilang mga proseso ay sumusunod sa mga batas ng kalikasan. Ang mga sanhing ito ay mauuri pa sa dalawang kategorya: (1) ang likas o di-gawa ng tao; at (2) ang di-likas o gawa ng tao. Ang pag-iral ng mga likas na sanhing pang-agham ay gawa ng mga proseso ng kalikasan na hindi pinanghihimasukan ng, o na walang interbensyon mula sa, mga tao. Kabilang dito ang mga sumusunod: lindol, tsunami, pagsabog ng bulkan, tagtuyot, bagyo, at mga peste. Sa kabilang banda, ang pag-iral ng mga sanhing pang-agham na di-likas ay tumutukoy sa mga sanhi na umusbong dahil sa panghihimasok, o sa interbensyon, ng tao sa mga likas na proseso ng kalikasan. Kabilang sa mga sanhing ito ang polusyon, pag-init ng mundo, pag-ubos ng mga yamang pangkalikasan, pagbuga ng mga nakalalasang usok sa kalawakan, pagtapon ng mga di-nabubulok na basura sa mga karagatan at ilog, at pagkatapon ng langis sa karagatan.

Wala tayong pananagutan sa pag-iral ng mga likas na sanhing pang-agham dahil hindi natin kontrolado ang kaganapan ng mga ito. Subalit, sa mga ilang pagkakataon, mayroon tayong magagawa para ibsan ang mga nakakasirang epekto ng mga ito. Halimbawa, may mga bagay tayong magagawa upang mabawasan ang mga posibleng negatibong epekto ng isang malakas na bagyo na alam nating parating. Sa konsiderasyong ito, kung mayroon man tayong

pananagutan sa mga sanhing ito, ito ay sa mga aspekto o bahagi lamang ng pinsala na ating maiiwasan, o kung saan tayo ay may kontrol. Sa kabilang banda, tayo ay may pananagutan sa pag-iral o kaganapan ng mga di-likas na mga sanhing pang-agham, sa simpleng kadahilanan na tayo ay may kontrol sa mga ito. Ibig sabihin, maaari sanang naiwasan natin ang kaganapan ng mga ito. Sa mga sumusunod na diskusyon, kapag sinabi nating mga sanhing pang-agham, ang tinutukoy natin ay yaong lamang mga may kontrol at samakatuwid pananagutan tayo.

Ang mga sanhing pampamahalaan ay ang mga sanhing nasa kontrol ng pamahalaan. Ang mga ito ay binubuo ng (1) mga umiiral na batas ng pamahalaan na nakakapinsala o hinahayaan ang pagpinsala sa kapaligiran o kalikasan, (2) kawalan ng mga epektibong batas para sa pagpigil ng mga gawaing nakapipinsala sa kapaligiran, at (3) kawalan ng mga epektibong mekanismo o sistema para ipatupad ang mga batas ng pamahalaan na may kinalaman sa kapaligiran o kalikasan. Dito pumapailalim ang kawalan ng epektibong pagparusa sa mga lumalabag sa mga batas na naglalayong protektahan ang kapaligiran o kalikasan (halimbawa, ang batas laban sa iresponsableng pagputol ng mga puno o pagkalbo ng mga kagubatan), korapsyon sa pamahalaan, at mga batas na nagbibigay permiso sa mga kompanya na minahin ang mga kabundukan nang walang maayos na alituntunin, bukod sa mga iba pa.

Ang mga sanhing panlipuna't pang-ekonomika ay mga sanhing dulot ng gawaing panlipunan at pang-ekonomiko ng mga tao. Dito pumapailalim ang mga sanhing katulad ng pagdami ng populasyon sa isang lugar, kahirapan sa buhay ng mga tao, at kompetisyon sa kumukontingyamang pangkalikasan. Sa mga sumusunod na pahayag, ipinaliliwanag ni Jack Hollander kung bakit napakaseryosong sanhi ng krisis pangkapaligiran ang kahirapan sa buhay ng mga tao:

Ang kahirapan sa buhay ang kontrabida; ang mahihirap na tao ang biktima nito. Ang mahihirap ay kalimitang sinisira ang mga likas na yaman, dinudumihan ang kapaligiran, sobrang dumadami para sa lugar na kanilang tinitirahan. Ginagawa nila ang mga ito hindi dahil gusto nila, kungdi dahil ito lamang ang paraan para sila ay mabuhay. Alam nila ang mga kabutihang idinudulot ng malinis na kapaligiran sa buhay ng mga mayayaman (o nakaaangat sa buhay), subalit alam din nila na ang kanilang daan tungo sa malinis na

*kapaligiran ay mahaba at ang pangunahing layunin nila ay ang makaalis sa kahirapan.*³

Bilang panghuli, ang mga sanhing pamperspektibo ay mga sanhing may kinalaman sa mga paniniwala o pagpapahalaga ng mga tao tungkol sa kalikasan, na nagtatakda ng kanilang pamamaraan ng pakikitungo sa kalikasan o sa mga di-taong miyembro nito.⁴ Pumapailalim sa mga sanhing ito ang mga paniniwalang katulad ng mga paniniwalang nagsasaad na ang mga likas na yaman ay ginawa o naririyang para pakinabangan lamang ng mga tao, na ang mga likas na yaman ay hindi nauubos (ang paniniwalang ito ay tinatawag na *frontierism*), at na may pananagutan lamang ang mga tao sa mga bahagi ng kalikasan na pagmamay-ari nila. Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng mga paniniwala na ayon kay Coates ay nagbigay-daan sa mga gawaing *industrial* at *agrikultural* na nakapipinsala sa kalikasan: (a) *homo economicus*, ayon sa paniniwalang ito, ang pag-unlad ng estadong pang-ekonomiko ng tao ay ang pinakamahalagang aspekto ng buhay, dahil ito diumano'y magdudulot ng kabutihan sa mga ibang aspekto ng buhay ng tao; (b) *progresibismo*, ayon sa paniniwalang ito, ang kondisyon ng buhay ng tao ay unti-unting gaganda o bubuti sa kasaganaan; at ang patuloy na pag-unlad ng teknolohiya ang siyang lulutas sa mga problema ng tao; (c) *industrialismo*, ayon sa paniniwalang ito, ang marahimang produksyon at makatwirang disenyo ng mga institusyon ang pinakamahusay na pamamaraan para matamo ang pag-unlad ng lipunan ng tao at ang kasaganaan para matugunan ang mga pangangailangang ng mga tao sa lipunan; at (d) *konsumerismo*, ayon sa paniniwalang ito, ang kabutihan ng tao ay natatamo sa pamamagitan ng kasaganaan, at sa pamimili at paggastos ng pera.⁵

³ Jack Hollander, *The Real Environmental Crisis: Why Poverty, Not affluence, is the Environment's Number One Enemy* (Berkeley: University of California Press, 2003), 2: "Poverty is the environmental villain; poor people are its victims. Impoverished people often do plunder their resources, pollute their environment, and overcrowd their habitats. They do these things not out of willful neglect but only out of the need to survive. They are well aware of the environmental amenities that affluent people enjoy, but they also know that for them the journey to a better environment will be long and that their immediate goal must be to escape from the clutches of poverty."

⁴ Ika nga ni Coates: "The environmental crisis exposes not only ecological destruction but calls into question the developed world's technology and goals, the purpose of development, and how they are sustained. The root cause of the environmental crisis is situated in the values and beliefs, or worldview, that inform economics and technology-modernism." ("The Environmental Crisis: Implications for Social Work," 28)

⁵ Coates, "The Environmental Crisis: Implications for Social Work," 29.

Ang Papel ng Etika

Ang isang kaigihan ng ating pagbalangkas sa mga posibleng sanhi ng krisis pangkapaligiran ay ito ay nagbibigay ng isang malinaw na pangkalahatang ideya upang masiyasat ang mga posibleng pamamaraan ng paglutas sa naturang krisis. Sa partikular, matutukoy natin kung aling disiplina at institusyon ang nararapat na tumugon sa anong uri ng mga sanhing ito.

Sa pangkalahatan, ang pagtugon sa mga sanhing pang-agham ay saklaw ng mga disiplina ng agham. Ang isang halimbawa ay ang pag-imbento ng mga teknolohiya para sa pag-recycle ng mga basura para maging pataba sa mga lupa at para sa paglinis sa mga langis na natapon sa karagatan. Kasama rin dito ang mga teknolohiya na tatanggal sa nakapipinsalang elemento ng mga usok na ibinubuga ng mga pabrika o ng mga makinang pang-industriya.

Ang paglutas ng mga sanhing pampamahalaan ay nasa kamay ng mga awtoridad ng pamahalaan. Ang pamahalaan, sa pamamagitan ng mga iba't ibang ahensya nito, ay may tungkuling gumawa at magpatupad ng mga epektibong batas na magbibigay ng karampatang parusa sa mga taong nagtotroso ng ilegal, sa mga kompanyang nagtatapon ng kanilang nakalalasang kemikal na basura sa mga ilog at karagatan, at sa mga pulitikong nakikipagsabwatan sa mga negosyanteng hindi sumusunod sa mga batas pangkapaligiran.

Ang pamamaraan ng paglutas sa mga sanhing panlipuna't ekonomiko ay maayos na magagampanan naman ng mga eksperto sa iba't ibang disiplina ng agham panlipunan. Halimbawa, ang mga dalubhasa sa mga disiplina ng ito, tulad ng sosyolohiya, ekonomika, agham pampulitika, at sikolohiya, ay maaaring gumawa ng mga pananaliksik sa kung paano mas maayos at epektibong malunasan ang problema sa populasyon at kahirapan sa buhay.

Sa kabilang banda, ang pagtugon sa mga sanhing pamperspektibo ay saklaw ng mga disiplina na ang pangunahing gawain ay ang ebalwasyon at pagsisiyasat ng mga paniniwala, pangangatwiran, at pagpapahalaga ng mga tao. Kabilang sa mga disiplina ng ito ang mga disiplina sa ilalim ng mga makataong sining (*humanities*) at pilosopiya.⁶ Ang mga makataong sining ay maaaring gumamit

⁶ Ika nga nina Alexander Elliot, James Cullis, at Vinita Damodaran sa kanilang panimula sa isinaayos nilang aklat na pinamagatang *Climate Change and the Humanities: Historical, Philosophical and Interdisciplinary Approaches to the Contemporary Environmental Crisis*. (London: Palgrave Macmillan, 2017), 3-4: "Climate change in the current scientific discourse is constructed as 'a crisis for

ng mga malikhaing pamamaraan, tulad ng pagpinta, paggawa ng mga pelikula, pagsulat ng mga kanta at nobela para itaas ang ating kamalayan tungkol sa ating tungkuling alagaan ang kalikasan at protektahan ang kapaligiran, o kaya ay para luminang ng mga nararapat na paniniwala tungkol sa kalikasan. Tungkol naman sa pilosopiya, sa sangay nito na etika, nasa kanya ang papel ng pagsusuri at pagtitimbang ng mga naturang paniniwala at pagpapahalaga, kung ang mga ito ay tama, makatwiran, o may malakas na mga batayan; at suriin kung aling mga paniniwala ang magbibigay-daan sa pagkilala ng tao sa kanyang mga obligasyong moral tungo sa kalikasan.

Sa papel na ito, tayo ay tututok sa partikular na papel ng etika sa paglutas ng krisis pangkapaligiran. Bilang panimula, gaano kahalaga ang papel na ito ng etika? Ito ay mabibigyang-linaw sa pamamagitan ng pasisiyasat sa kaugnayan ng iba't ibang uri ng mga sanhi ng krisis pangkapaligiran. Mapapansin na ang mga sanhing pang-agham ay ang mga *direktang* sanhi ng mga pagkasira ng kalikasan. Ang polusyon, pag-ubos ng yamang pangkalikasan tulad ng mga puno, mga nakalalasang usok na naibuga sa kalawakan, mga basura sa mga karagatan at ilog, at mga iba pang katulad ng mga ito, ay ang mga direktang nagdudulot ng krisis pangkapaligiran. Sa kabilang banda, ang mga ibang uri ng sanhi ay mga *di-direktang* sanhi ng krisis sa kapaligiran dahil ang mga ito ang nagbibigay-daan sa kaganapan o pag-iran ng mga sanhing pang-agham. Ang polusyon ng isang ilog, na isang sanhing pang-agham, halimbawa, ay dulot ng maraming uri ng sanhi. Ito ay maaaring dulot ng kawalan ng epektibong batas na magbababawal at magpaparusa sa mga magtatapon ng mga basura dito (sanhing pampamahalaan), ng kahirapan sa buhay ng mga taong naninirahan sa tabi ng ilog (sanhing panlipuna't ekonomiko), at ng paniniwala na walang masama na magtapon ng basura sa ilong dahil wala namang may-ari nito (sanhing pamperspektibo).

Ngayon, tingnan naman natin ang kaugnayan ng mga di-direktang sanhi. Sa isang banda, ang mga sanhing panlipuna't pang-ekonomiko ay maaaring dulot ng mga sanhing pampamahalaan, dahil ang mga batas ng pamahalaan ay maaaring kontrolin o pangasiwaan ang mga panlipuna't ekonomikong proseso sa lipunan. Halimbawa, ang mga problema sa sobrang populasyon at kahirapan sa buhay ay maaaring malutas ng mga batas ng pamahalaan, tulad ng mga

humanity'. This is where we enter the realm of the humanities and where the disciplines (particularly, of philosophy, history and literature) can bring new insights."

batas na magbibigay ng kabuhayan sa mga mamamayan at ng mga epektibong programa para sa matalinong pagpapalano ng pamilya. Sa kabilang banda, mapapansin na ang mga sanhing pamperspektibo ay may malaking impluwensya sa mga ibang di-direktang sanhi (ang mga sanhing panlipuna't ekonomiko at pampamahalaan). Una, ang mga sanhing pamperspektibo ay maaaring magbigay-daan sa pag-usbong ng mga sanhing pampisika. Ang polusyon, halimbawa, ay maaaring sanhi ng paniniwalang walang masama sa pagtapon ng mga basura sa mga ilog dahil wala namang nagmamay-ari ng mga ito kung kaya wala namang nilalabag na karapatang pantao sa pag-aari (*property rights*). Ikalawa, ang mga sanhing pamperspektibo ay maaaring magbigay-daan sa pag-usbong ng mga sanhing pampamahalaan. Halimbawa, ang dahilan na walang batas na nagbabawal na magtapon ng mga basura sa mga ilog ay ang parehong paniniwalang nabanggit—na wala namang indibidwal na nagmamay-ari ng ilog—o kaya ng paniniwalang may likas na kakayahan ang kalikasan na pangalagaan ang sarili nito. Ikatlo, ang mga sanhing pamperspektibo ay maaaring magbigay-daan sa mga sanhing panlipuna't pang-ekonomiko. Halimbawa, ang sobrang populasyon ay maaaring resulta ng paniniwala na hindi nauubos ang yaman ng kalikasan kung kaya palaging may sapat na mga yaman ito para matugunan ang mga pangangailangan ng mga tao, gaano man sila karami.

Sa kabuoan, nakita natin na ang mahalagang papel ng pilosopiya, sa partikular sa larangan nito na etika, ay ang bigyan ng solusyon ang mga sanhing pamperspektibo ng krisis pangkapaligiran, sa pamamagitan ng pagsusuri kung ang mga paniniwala na nagbigay-daan sa mga gawain na nakapipinsala sa kapaligiran o kalikasan ay totoo, makatwiran, o may matibay na batayan. Sa pamamagitan nito, natitimbang, samakatuwid, kung dapat bang panghawakan pa ang isang paniniwala o bitawan na at palitan ng mas maiging paniniwala. Bukod dito, nakita rin natin ang lubos na kahalagahan ng papel ng etika dahil sa malakas na impluwensya ng mga sanhing pamperspektibo sa mga iba pang uri ng sanhi.

Mga Teorya sa Etikang Pangkapaligiran

Matapos nating makita ang kahalagahan ng etika sa paglutas ng krisis pangkapaligiran, tumungo tayo ngayon sa pagsisiyasat sa iba't

ibang teoryang isinulong ng mga pilosopo sa larangan ng etikang pangkapaligiran, ang sangay ng praktikal na etika na nakatuon sa mga suliraning pang-etika na may kinalaman sa kapaligiran o kalikasan. May tatlong pangunahing teorya sa etikang pangkapaligiran: ang mga tinatawag na *homosentrismo*, *biosentrismo*, at *utilitarismo*.⁷ Ang bawat isa sa mga teoryang ito ay nagsusulong ng isang partikular na pamamaraan kung paano mabibigyang-katwiran ang tungkuling moral ng tao na pangalagaan at protektahan ang kalikasan.

Ang mga pagkakaiba ng mga teoryang ito ay pangunahing itinatakda ng pagkakaiba sa kung anong katangian o mga katangian ang kinikilala bilang mga kailangang katangian sa pagtaglay ng katayuang moral (*moral status*) o sa pagiging isang personang moral (*moral person*). Ang lahat ng mga personang moral ay nagtataglay ng mga karapatang moral; subalit ang ilan sa kanila ay nagtataglay din ng mga tungkuling moral. Ibig sabihin, may mga personang moral na nagtataglay lamang ng mga karapatang moral. Ang mga karaniwang halimbawa ay ang mga sanggol at hayop. May mga karapatan sila ngunit wala silang tungkulin. Subalit, mayroon ding mga personang moral na nagtataglay ng parehong karapatang at tungkuling moral. Ang mga karaniwang halimbawa ay ang mga taong normal ang pag-iisip at pangangatawan at nasa hustong gulang. Sila ay nagtataglay ng parehong mga karapatan at tungkulin.

Bukod dito, ang isang personang moral, depende sa kung ano ang papel niya sa isang ugnayang moral, ay maaaring isang *ahenteng moral* (*moral agent*) o *pasyenteng moral* (*moral patient*). Ang isang ahenteng moral ay isang personang moral na pinagmumulan ng isang kilos pangmoral, samantala ang isang pasyenteng moral ay isang personang moral na tumatanggap ng kilos na ito. Halimbawa, sa pag-aaruga ng isang ina sa kanyang sanggol, ang ahenteng moral ay ang ina samantala ang pasyenteng moral ay ang kanyang sanggol. Ang ina, subalit, sa ibang konteksto, ay maaaring ang pasyenteng moral, halimbawa kung siya naman ay inalagaan ng kanyang asawa o kamag-anak nang siya ay magkasakit. Mapapansin natin na ang mga maaaring maging mga ahenteng moral lamang ay yaong mga nagtataglay din ng mga tungkuling moral, bukod sa mga karapatang

⁷ Maraming bersyon ang utilitarismo (utilitarianism). Sa papel na ito ipinapalagay natin ang klasikong bersyon nito na tinatawag na "hedonistic act utilitarianism." Ayon sa bersyong ito, ang intrinsikong kabutihan ay ang karanasan ng kasiyahan at ang intrinsikong kasamaan ay ang karanasan ng kahirapan o kasakitan. Bukod dito, ang kilos, at hindi ang batas na sinusunod ng isang kilos, ang tinitingnan kung naayon sa prinsipyo ng utilitarismo para masabing mabuti o masama ang isang kilos.

moral; subalit ang mga maaaring maging pasyenteng moral ay lahat ng mga personang moral. Ang isang ipinahihiwatig nito ay ang pagtaglay ng karapatang moral, na itinatakda ng pagtaglay ng kailangang katangian o mga katangian, ay ang minimong depenisyong ng isang personang moral. Kaugnay nito, ang pagkakaiba sa mga teoryang pangkapaligiran ay, samakatuwid, itinatakda ng kung alin sa mga miyembro ng kalikasan ang itinuturing na may mga karapatang moral dahil sa kanilang pagtaglay ng kailangang katangian o mga katangian.

Ayon sa homosentrismo (na kung minsang tinatawag na *antroposentrismo*), ang obligasyong moral ng tao na pangalagaan ang kalikasan (o igalang ang mga miyembro nito) ay dulot ng kanyang obligasyong moral na galangin ang mga karapatan ng kanyang kapwa (o kapwa-tao). Para sa pananaw na ito, ang mga obligasyong moral ng tao sa mga miyembro ng kalikasan ay *deribatibo lamang* sa kanyang likas na mga obligasyong moral sa kanyang mga kapwa (o kapwa-tao). Ipinapalagay na ang mga tao lamang, gawa ng kanilang kakayahang mangatwiran at kumilos nang malaya, ang may mga karapatang moral; kaya ang mga tao ay may mga direktang obligasyong moral lamang sa mga kapwa nila tao. Paliwanag nga ni Michael Hoffman:

*Ito ay lubos na nakaayon sa humanistikong posisyon sa etikang pangkapaligiran na ipinapalagay na ang mga tao lamang ang may intrinsikong halaga. May mga tungkulin tayo sa mga di-taong nilalang (penguwin, mga puno, mga isla, at iba pa) subalit kung ang mga tungkuling ito ay derivatibo lamang sa mga tungkulin natin sa mga kapwa tao natin. Ang mga di-taong nilalang ay may halaga lamang kung binibigyang halaga ng mga tao.*⁸

Ang etikang pangkapaligiran ito ay sinusupportahan ng teoryang pang-etika, bukod sa mga iba pa, na isinulong ni Immanuel Kant. Ayon sa teoryang ito, na tinatawag din na teorya ng *imperatibong kategorikal*, ang mga kilos lamang ng mga tao ang maaaring sabihing mabuti o masama. Ang mga tao ay itinuturing na mga personang

⁸ Michael Hoffman, "Business and Environmental Ethics." In *Business Ethics: A Philosophical Reader*, edited by Thomas White (New York: Macmillan Publishing Co., 1993), 836: "This is very much in keeping with a humanistic position of environmental ethics which claims that only human beings have intrinsic value. We may have duties with regard to nonhuman things (penguins, trees, islands, etc.) but only if such duties are derivative from duties we have toward human beings. Nonhuman things are valuable only if valued by human beings."

moral dahil taglay nila ang katangian ng rasyonalidad (na binubuo ng mga kakayahang mangatwiran at kumilos nang malaya). Alinsunod dito, ang mga rasyonal na nilalang lamang ang may mga karapatang moral. Ngayon, nangyari na tao lamang ang rasyonal sa kalikasan; kung kaya sila lamang ang may katayuang moral sa kalikasan. Nagtakda si Kant ng mga prinsipyo bilang gabay para matukoy ang mabuting kilos ng tao: ang *prinsipyo ng unibersalisasyon*, kung saan itinuturing na mabuti ang isang kilos ng tao kung ang pansariling batas (o maksim) nito ay maaaring gawing isang panlahatang batas (o isang batas para sa lahat ng taong nasa magkatulad na sitwasyon) nang walang kontradiksyon; at ang *prinsipyo ng paggalang sa tao*, kung saan itinuturing na mabuti ang isang kilos kung hindi nito ginagamit ang tao bilang isang kasangkapan lamang kundi bilang isang tunguhin din. Ang isang buod ng isinasaad ng mga prinsipyo ni Kant ay ang isang kilos ng tao ay mabuti kung hindi ito lumalabag sa mga karapatang moral ng mga tao.

Para sa homosentrismo, sa kabuoan, may halaga lamang, samakatuwid, ang kalikasan para sa tao kung ito ay magagamit niya upang matugunan ang kanyang mga pangangailangan. Subali't, bagama't ganito, ang pagpapahalaga sa kalikasan ay tinitingnan pa rin na isang nararapat na tungkulin ng tao bilang pamamaraan sa kanyang paggalang ng mga karapatan ng kanyang mga kapwa-tao. Alinsunod sa pangunahing karapatang moral ng tao na mabuhay sa isang malinis at maayos na matitirahang kapaligiran, ang pangangalaga sa kalikasan ay isa ring tungkuling etikal ng mga tao sa isa't isa.

Ayon naman sa pananaw ng utilitarismo, ang mga organismong may mga kakayahang makadarama ng kasiyahan at kasakitan lamang, na kinabibilangan ng mga tao at hayop, ang may katayuang moral at, samakatuwid, may mga karapatang moral. Kaya, para sa teoryang ito, ang mga tao ay may direktang mga obligasyong moral sa mga tao at hayop; at may indirekta o deribatibong obligasyong moral lamang sa mga halaman, karagatan, at iba pang bahagi ng kalikasan. Ito ay kaiba sa homosentrismo kung saan ang mga tao ay may mga direktang obligasyong moral lamang sa isa't isa; at may mga indirektang obligasyong moral lamang sa mga hayop, halaman, at iba pang mga miyembro ng kalikasan.

Isinusulong ng pananaw ng utilitarismo na ang mga tao at hayop ay may parehong mga karapatang moral. Ibig sabihin, walang

prayoridad ang mga tao kumpara sa mga hayop sa larangan ng mga karapatang moral—ito ay bagamat ang mga tao lamang, dala ng kanilang karagdagang katangian ng rasyonalidad (katwiran at kalayaan), ang may mga obligasyong moral. Sa sariling paliwanag ni Peter Singer:

Ang batayang moral ng pagkakapantay-pantay ng mga tao ay hindi talaga pagkakapantay-pantay, kundi ang prinsipyo ng pantay na konsiderasyon ng mga interes, at ito ang prinsipyo na, naaalinsunod, na dapat ding gumabay sa mga di-tao na may mga interes din. Maaaring may pagdududa kung ang mga di-taong nilalang ay may mga interes din.... Ang aking pananaw ay ang isang nilalang na may subhektibong karanasan, tulad ng karanasan ng kasakitan o karanasan ng kasiyahan, ay may mga interes sa buong pakahulugan ng salitang ito; at anumang nilalang na may naturang mga karanasan ay may kahit isa man lamang na interes, ang interes na makaranas ng kasiyahan at makaiwas sa kasakitan.⁹

Sa gayon, ang pagbibigay ng prayoridad sa mga interes ng tao dahil lamang sa kanyang pagiging tao ay magbubunga ng isang uri ng diskriminasyon, na tinatawag ni Peter Singer na *specieism*. Ayon kay Singer, ang ispisismo ay katulad ng diskriminasyon ng isang tao laban sa kanyang mga kapwang iba ang lahi o kulay ng balat sa kanya, na tinatawag na racism. Kapag nagkaroon ng pagtatalo sa mga karapatan o interes ng mga hayop at tao, ang nararapat na prinsipyong gagabay sa paglutas nito ay ang prinsipyo ng utilitarianismo na nagsusulong ng pinakahigit na kabuuang kasiyahan (o sa bersyon ni Singer, pinakahigit na kabuuang pagtamo ng mga interes).

Sa kabilang banda, ang ipinapalagay naman ng biosentrismo (na kung minsang tinatawag din na *deep ecology*) ay ang lahat ng mga miyembro ng isang sistemang ekolohiko (isang komunidad ng mga buhay na organismo sa isang kapaligirang binubuo rin ng mga

⁹ Peter Singer, "The Place of Nonhumans in Environmental Issues," in *Business Ethics: A Philosophical Reader*, edited by Thomas White (New York: Macmillan Publishing Co., 1993), 850-51: "The moral basis of equality among humans is not equality in fact, but the principle of equal consideration of interests, and it is this principle that, in consistency, must be extended to any nonhumans who have interests. There may be some doubt about whether any nonhuman beings have interests.... I take the view that only a being with subjective experiences, such as the experience of pleasure or the experience of pain, can have interests in the full sense of the term; and that any being with such experiences does have at least one interest, namely, the interest in experiencing pleasure and avoiding pain."

di-buhay na elemento ng kalikasan) ay may likas na karapatan na umiral sa isang maayos na sistemang ekolohiko.¹⁰ Ang ibig sabihin nito ay ang mga tao ay may direktang pananagutan o tungkuling moral sa lahat ng mga miyembro ng sistemang ekolohiko, na kinabibilangan ng mga tao, hayop, halaman, kalawakan, at iba't ibang anyong panlupa at pantubig. Ang lahat ng mga miyembro ng sistemang ekolohiko, sa punto ng karapatang umiral sa isang maayos na sistemang ekolohiko, ay may pantay-pantay na estadong moral (o, sa partikular, pantay-pantay na karapatang moral na mamuhay sa isang sistemang ekolohikal). Kaya, kung may pagtatalo sa mga interes ng mga miyembro ng isang sistemang ekolohiko, mamayani ang karapatan ng miyembro na may mas malaking kontribusyon sa pagpapanatili ng kaayusan ng sistemang ekolohiko. Nilagom ni Paul Taylor (1999, 474) ang isinusulong na pananaw ng biosentrismo sa mga sumusunod na pangunahing palagay: (1) bilang mga miyembro ng komunidad ng buhay ng mundo, ang mga tao at di-tao ay pantay-pantay; (2) ang mga miyembro ng likas na sistemang ekolohiko ng mundo ay kailangan ang isa't isa para sa kanilang patuloy na pag-iral; (3) sa pagtustos ng mga pangangailangan nito, o sa paghangad ng kabutihan nito, ang buhay ng bawat isang indibidwal na organismo ay mahalaga; at (4) mali ang paniniwala na ang mga tao ang nakatataas kaysa sa mga ibang organismo.

II. Kasiraang Pangkalikasan at Pagnenegosyo

Sa isla ng Marinduque, isang trahedya ang naganap noong Agosto 1995 kung saan ang mga nakalalasang basurang kemikal ng isang kompanyang nagmina ng tanso sa isang bundok nito (ang bundok Taipan) ay natapon sa katabing ilog ng bundok. Ang naturang kompanya ay ang Marcopper Mining (na kasosyo ng Placer Dome, isang kompanyang nakabase sa Canada). Noong 1969 pa nagsimula ng pagmimina ang Marcopper sa bundok Tapian sa Marinduque. Para yung tubig ng ulan sa loob ng bundok na pinagmiminahan ay lumabas putungo sa katabing ilog, gumawa sila ng isang tunel. Nang maubos na ang mga tanso sa bundok lumipat sila ng ibang lugar na pagmiminahan sa Marinduque. Ginawa na lamang nilang tambakan

¹⁰ Tingnan sina; Aldo Leopold, "The Land Ethic." In *Applying Ethics*, 6th edition, edited by Jeffrey Olen and Vincent Barry (New York: Wadsworth Publishing Co., 1990), 460-69; at J. Baird Callicot, "An Ecocentric Environmental Ethic." *Applying Ethics*, 6th edition, edited by Jeffrey Olen and Vincent Barry (New York: Wadsworth Publishing Co., 1999), 485-491.

ng kanilang mga basurang kemikal ang pinaghukayan sa bundok; at para hindi matapon ang mga ito sa katabing ilog, sinarahan nila ang tunel. Subalit ang tunel na ito ay nasira at nabutas sa katagalan, kung kaya ang mga basurang kemikal ay natapon sa katabing ilog. Noong Agosto 1995, mahigit sa 1.6 milyong metrong kubiko ng mga basurang kemikal ang pinaniniwalaang natapon sa ilog.

Ang mga naging epekto nito ay kinabibilangan ng mga sumusunod: 400 na pamilya ang kinailangang lumisan sa kanilang mga tirahan dahil bumaha sa limang baryo na malapit sa ilog; ang tubig pang-inom ng mga tao ay narumihan; namatay ang mga isda sa ilog at kanilang mga alagang baboy; nasira ang mga pananim na palay na siyang kabuhayan ng mga tao; ang mga ilang kabataan ay nagkasabit sa balat; at tatlong kabataan ang naitalang namatay sa pagkalason. Lumabas sa imbestigasyong ginawa na matagal nang alam ng pamahalaan (bagamat noong una ay kanilang itinanggi) ang posibleng maidudulot na kapahamakan ng pagmimina ng nasabing kompanya sa kapaligiran ng Marinduque; subalit hindi nila naipatupad ang mga nararapat na batas tungkol dito. Napag-alamang alam din ng kompanyang Marcopper na nasira ang tunel bago pa man naganap ang trahedyang subalit hindi nila ito inayos. Ang pamahalaan at kompanyang Marcopper ay kumilos lamang pagkatapos ng trahedyang.

Ang itinuturing na pinakamatinding pagkatapon ng langis sa karagatan ng Pilipinas, sa isla ng Guimaras, ay naganap noong Agosto 11, 2006. Ito ay kinasangkutan ng isang tangker (ang MT Solar 1) na inarkila ng kompanyang Petron para magdala ng langis sa Zamboanga mula Bataan. Nang lumubog ang nasabing tangker natapon ang langis na dala nito. Sa dala nitong mahigit na dalawang milyong litro ng langis, limang daan libong litro ang natapon. Ang ilan sa mga naging kahihinatnan nito ay ang mga sumusunod: namatay ng maraming isda, dugong, pawikan, at iba pang mga hayop na naninirihan sa karagatan ng Guimaras; nasira ang mga bakawan kung saan nangingitlog ang mga isda; nawalan ng kabuhayan ang mga mangigisda; nagkaroon ng sakit sa balat ang ilang mga tao; at namatay ang ilang mga tao. Nang ginawan ng imbestigasyon, iba't iba ang mga lumabas na dahilan. Ang ilan sa mga ito ay ang masamang panahon, pagdala ng tangker ng dami ng langis na lagpas sa kakayahan nitong dalhin, at pagkakamali sa desisyon ng kapitan ng tangker. Ayon sa mga eksperto, maraming taon ang kakailanganin

bago makabalik ang karagatan ng Guimaras sa dating kalagayan nito.

Ang dalawang pangyayaring nabanggit ay mga halimbawa ng kasiraang pangkalikasan na dulot ng gawaing pangnegosyo ng mga korporasyon dito sa ating bayan.¹¹ Sa mga ibang bayan, ang mga sumusunod ay ilan lamang sa mga pangyayaring nauwi sa kasiraang pangkalikasan na kinasangkutan din ng mga korporasyon¹²:

1. *Pagsabog ng Chernobyl Power Plant.* Ang pagsabog ng plantang ito ay naganap sa Ukraine noong Abril 26, 1986. Isa ito sa itinuturing na pinakamatinding kapamahamakang nangyari na kinasangkutan ng enerhiyang nuklear sa kasaysayan. Ang pagsabog ay nagbuga ng radyasyon sa kalawakan, na ineestimang kasing tindi ng radyasyong ibunuga ng pagbomba ng Hiroshima at Nagasaki noong nakaraang ikalawang pandaigdigang digmaan. Ang radyasyon ay kumalat mula Soviet Russia patungong Europeo. Mula noong naganap ito, libu-libong mga batang naninirahan sa mga apektadong lugar ay nakitaan ng pagkakaroon ng kanser sa thyroid.

2. *Aksidente sa Union Carbide Pesticide Plant.* Ang pangyayaring ito ay itinuturing na pinakamatinding pang-industrial na trahedyang naganap sa kasaysayan. Ito ay naganap noong Disyembre 2, 1984 sa Bhopal, India, kung saan nabuga ang 45 na tonelada ng nakalalasang kemikal (methyl isocyanate) mula sa pasilidad ng planta. Libu-libo ang namatay mga ilang oras lamang pagkatapos ng insidente. Paglipas ng mga ilang buwan, libu-libo pa ang sumunod na namatay. Mga 15,000 na tao ang namatay. Ang marami sa mga nabuhay ay nagkasakit ng iba't ibang uri ng sakit tulad ng pagkabulag at pagkasira ng iba't ibang parte ng katawan. At marami sa mga sanggol na isinilang sa mga apektadong lugar ay lubhang nagkasakit din.

3. *Pagkatapon ng Langis ng Exxon Valdez.* Noong Marso 24, 1989, natapon ang langis sa dagat ng Alaska mula sa barko-tangke ng Exxon Valdez. Tinantiya na mga 10.8 na milyong galon ng langis ang natapon sa dagat. Ito ay humantong sa kamatayan ng maraming ibon, isda, at iba pang mga hayop na naninirahan sa dagat.

4. *Ang Trahedyang ng Love Canal.* Ito ang nangyaring kontaminasyon ng Love Canal, isang nayon na may daan-daang

¹¹ Ang mga kasong ito ay tinalakay din sa Napoleon Mabaquiao, "Ang Kapaligiran at mga Korporasyon: Mula sa Rasyonalismong Pananaw," *Malay* 23, no. 1 (2010): 111-125.

¹² Ang mga kasong ito ay binanggit din sa Napoleon Mabaquiao, *Making Life Worth Living: An Introduction to the Philosophy of the Human Person* (Quezon City: Phoenix Publishing House, 2107), 213.

bahay at isang paaralan na malapit sa Niagara Falls sa New York noong 1978. Ang naturang nayon ay nasa ibabaw ng 21,000 na tonelada ng nakalalasang basurang industrial na ibinaon ng isang lokal na kompanya sa ilalim ng lupa sa panahon ng mga taong 1940 hanggang 1950. Paglipas ng mga ilang taon, ang simoy ng basura ay nagsimulang lumabas sa mga bakuran at silong ng mga bahay. Ang kinahinatnan ay maraming nagkasakit sa mga residente.

Ang mga kaganapang ito ay nagpapakita sa di-mapagkakailang mahalagang papel ng gawaing pangnegosyo sa krisis pangkapaligiran. Sa partikular, ang mga gawaing pangnegosyo ng mga korporasyon ay may malaking kahihinatnan sa kalagayan ng kapaligirang pangkalikasan. Dahil habang sila ang kumukuha ng mga yaman sa kalikasan nang maramihan, sila rin ang nagtatapon ng mga basura dito nang maramihan. Kung isa sila sa mga kritikal na sanhi ng kasiraang pangkalikasan, sila rin, samakatuwid, ay isa sa mga kritikal na solusyon ng krisis pangkalikasan.

Ngayon, sa pagsasaalang-alang ng etika ng mga kilos pangkorporasyon tungo sa kalikasan, kailangan nating tugunan ang mga sumusunod na katanungan. Una, bakit kailangang gabayan ng mga prinsipyong pang-etika ang mga kilos pangkorporasyon gayong ginagabayan na ang mga ito ng mga prinsipyong pang-ekonomiya at batas pampamahalaan? Ikalawa, mayroon nga bang katayuang moral ang mga korporasyon upang maging karapat-dapat na mga tagapagtaglay ng mga tungkuling moral? At ikatlo, kung may katayuang moral nga ang mga korporasyon, aling teorya naman sa etikang pangkapaligiran ang akmang gumabay sa kanilang mga kilos? Sa mga sumusunod, tatalakayin nating ang unang katanungan. Ang ikalawa at ikatlong katanungan ay ating tatalakayin sa ikalawang bahagi ng sanaysay na ito.

Mga Prinsipyong Pang-ekonomiya at Batas Pampamahalaan

Bilang mga pang-ekonomiyang institusyon, ang mga kilos pangnegosyo ng mga korporasyon ay ginagabayan ng mga prinsipyong pang-ekonomiko (tulad, halimbawa, ng batas ng panustos at pangangailangan—*law of supply and demand*). At bilang mga legal na nilalang, ang mga kilos nito ay ginagabayan din ng mga batas pampamahalaan. Hindi pa ba sapat ang mga ito upang masiguro na hindi hahantong sa kasariang pangkalikasan ang mga

kilos ng mga korporasyon?¹³

Tingnan ang naging desisyon ng kompanyang Starkist Inc., tungkol sa lambat na kanilang ginagamit sa paghuli ng mga isdang tuna.¹⁴ Noong una ang lambat na kanilang ginagamit sa paghuli ng mga isdang tuna ay nakakahuli rin ng mga dolpin (o lumba-lumba) na sa kalaunan ay namamatay. Laban dito, naglunsad ng mga protesta ang mga *environmentalists*. Sa mga unang araw ng mga protesta, hindi pinansin ng kompanya ang mga ito dahil ang pagbabago ng kanilang mga lambat ay nangangahulugan ng karagdagang gastos. Subali't lumaki at dumami ang mga protestang ito at naapektuhan na ang benta ng kanilang mga produkto, tulad ng *canned tuna*. Sa madaling salita, bumaba ang benta ng kanilang mga produkto. Dahil dito, nagpasya ang kompanya na baguhin na ang kanilang mga lambat para hindi na makahuli ng mga dolpin. Ito ay hango sa kanilang kalkulasyon na ang kitang mawawala sa kanila sa pagbaba ng kanilang benta ay higit kaysa sa perang mawawala sa kanila kung babaguhin nila ang kanilang mga lambat.

Tingnan naman muli ang naging desisyon ng kompanyang Marcopper na ating tinalakay sa itaas. Itinuloy nila ang kanilang pagtambak ng kanilang mga basurang kemikal sa pinaghukayan sa bundok na una nilang minina, bagamat alam nila na may peligrong masira ang kanilang tunel, na mauuwi ng pagdaloy ng basurang kemikal mula sa bundok patungo sa ilog. Ito ay kanilang ipinagpatuloy dahil may pahintulot naman sa pamahalaan, mula sa Department on Environment and Natural Resources (DENR) noong Agosto 16, 1980; at ang pahintulot na ito ay may bisa para sa sampung taon. Dahil wala naman silang diumano nilalabag na mga batas ng pamahalaan, malamang inisip nila na walang mali o masama sa naturang kilos nila.

Ang dalawang sitwasyong ito ay naglalarawan ng dalawang uri ng pananaw ukol sa pakikitungo ng mga negosyante o ng mga korporasyon sa kapakanan ng kalikasan. Sa unang sitwasyon, ang pagkalinga sa kalikasan ay itinuturing na isa lamang tungkuling pang-negosyo, kung saan ito ay nararapat lamang gawin kung ito ay makapagbibigay ng mas malaking kita para sa kompanya. Ang

¹³ Ang temang ito ay tinalakay din sa Mabaquiao, *Making Life Worth Living: An Introduction to the Philosophy of the Human Person at "Ang Kapaligiran at mga Korporasyon: Mula sa Rasyonalismong Pananaw."*

¹⁴ John Dobson, "Defending the Stakeholder Model: A Comment on Hasnas, and on a Dunfee's MOM." *Business Ethics Quarterly* 9, no. 2 (1999): 338-39.

naging desisyon ng kompanyang Starkist na palitan ang kanilang mga lambat ay hindi udyok ng moralidad, kungdi ng hangaring kumita ng mas malaki. Sa ikalawang sitwasyon naman, ang pagkalinga sa kalikasan ay itinuturing na isa lamang tungkuling pampamahalaan, kung saan ito ay nararapat lamang gawin kung may mga umiiral na batas pampamahalaan na direktang nagtatakda nito. Sa pananaw na ito, ang paniwala ay habang walang nilalabag na batas pampamahalaan ang isang isang pamamaraan ng pagnenegosyo, walang mali o masama dito.

Ating suriin ngayon ang mga teyoretikal na pundasyon ng dalawang pananaw na ito. Ang unang pananaw ay binibigyang-katwiran ng argumento ng ekonomistang si Adam Smith, na kalimitang tinatawag na *argumento ng di-nakikitang kamay (invisible hand argument)*. Ayon sa argumentong ito, sa pangkalahatan, ang mga makasariling interes ng mga negosyante na kumita ay sa kahuli-hulihan nagdudulot ng kabutihan sa lipunan, kung kaya't hindi na kailangang isaalang-alang pa ang etika ng kanilang pamamaraan ng pagnenegosyo.¹⁵ Ibig sabihin, dahil kikita lamang ang isang negosyo kung tinutustusan nito ang mga pangangailangan ng lipunan, ang isang negosyante, sa pagtugon niya sa kanyang makasariling hangarin na kumita nang malaki, ay kaagad nang nakakatulong sa lipunan, hindi man niya ito direktang hinahangad. Ang kontemporaryong pagpapahayag ng ganitong kaisipan ay ang sinasabing “Good ethics is good business.”

Hindi mapagkakaila na may mga konteksto o sitwasyon kung saan tama ang isinasaad ng pananaw na ito, subali't ito ay hindi sa lahat ng pagkakataon. Ito ay totoo lamang kung ang mga pangangailangang pinupunan ng isang negosyo ay ang mga esensyal na pangangailangan ng lipunan, tulad halimbawa ng mga pangangailangan sa pagkain, tubig, bahay, marangal na hanapbuhay, edukasyon, at transportasyon. Subali't, maaari ring kumita nang malaki ang isang negosyo kung ang pinupunan nito ay ang mga nakasasamang o nakapipinsalang pangangailangan ng tao, tulad ng paghahangad sa mga masasamang droga at mga armas na nakasasakit o nakamamatay (tulad ng mga armas pandigma). Dagdag pa dito, maaari ding kumita ng malaki ang isang negosyo dahil sa panloloko o pandaraya, na malinaw na hindi makapagdudulot ng kabutihan sa

¹⁵ William, H. Shaw, *Business Ethics* (California: Wadsworth Publishing Co., 2002), 171-72; Manuel Velasquez, *Business Ethics: Concepts and Cases* (New Jersey: Prentice Hall, 2000), 35.

lipunan.

Ang ikalawang pananaw naman, kung saan ang pagkalinga ng mga korporasyon sa kalikasan ay itinuturing na pawang isang tungkuling pampamahalaan lamang, ay binibigyang-katwiran ng argumento na ang mga batas pampamahalaan ay sapat nang mga batayan at gabay para sa etika ng pagnenegosyo. Ayon sa argumentong ito, na tinatawag kung minsan na *argumento ng nakikitang kamay* o *argumentong panglegal*, kung walang nilalabag na mga batas ng pamahalaan ang isang gawa o pamamaraan ng pagnenegosyo, walang mali o masama dito.¹⁶ Isinasaad din ng argumentong ito na hindi tungkulin ng mga negosyante o ng mga korporasyon na siguruhin na etikal ang mga batas ng pamahalaan na kanilang sinusunod—ito ay tungkulin ng mga nahalal na mambabatas. Ang kanilang etikal na tungkulin lamang ay ang sumunod sa mga batas na ito.

Ang argumentong ito ay totoo lamang kung ang nilalaman at pamamaraan ng implementasyon ng mga batas pampamahalaan ay palaging naaayon sa mga prinsipyong etikal. At alam natin na ito ay hindi totoo. May mga batas pampamahalaan na lumabag o lumalabag sa mga karapatang pantao ng mga mamamayan. Balikan sa isip, halimbawa, ang mga batas noong araw na pinahihintulutan ang pagkakaroon ng mga alipin at ang mga gawaing nagbubunga ng iba't ibang uri ng diskriminasyon, tulad ng diskriminasyon sa kasarian, relihiyon, at kulay ng balat. Hindi dahil ang mga batas na ito ay pinahihintulutan ng mga pamahalaan noong mga panahong yaon ay nangangahulugan kaagad na na ang mga ito ay etikal. At sa kasalukuyan, ang mga katulad nitong batas ay nananatili, bagama't marahil sa ibang antas o anyo. Sa madaling salita, hindi lahat ng pinahihintulutan ng mga batas pampamahalaan ay mabuti (o lahat ng ipinagbabawal nito ay masama) dahil ang mga batas na ito mismo ay maaaring masama.

Hango sa mga pagsusuring ito, ang pakikitungo ng mga korporasyon at negosyante sa kalikasan ay hindi maaaring gabayan lamang ng mga prinsipyong pang-ekonomiko at batas pampamahalaan. Ipinakita natin na ang pagsunod sa mga prinsipyo at batas na ito ay hindi isang garantiya ng paggawa ng mga desisyon at kilos na tama o mabuti (o na magdudulot ng kabutihan sa lipunan).

¹⁶ Shaw, *Business Ethics*, 172-73; Velasquez, *Business Ethics: Concepts and Cases*, 37.

III. Etikang Pangkapaligiran at ang Korporasyon

Dahil hindi sapat ang mga pang-ekonomiyang prinsipyo at pampamahalaang batas para gabayan ang mga kilos ng mga korporasyon tungo sa kalikasan, nararapat lamang na gabayan ang mga ito ng mga prinsipyong pang-etika. Subalit ito ay makahulugan lamang kung maipapakita na may katayuang moral ang mga korporasyon, at kung may pananaw o teorya sa etikang pangkapaligiran na naaayon sa katayuang moral na ito.¹⁷

Ang Katayuang Moral ng Korporasyon

Bukod sa pagiging isang personang legal, ang korporasyon ba ay isa ring personang moral? Bukod sa pagkakaroon ng mga karapatan at tungkuling legal, ang mga ito ba ay mayroon ding mga karapatan at tungkuling moral? Kung isasaalang-alang ang mga kilos pangkorporasyon sa pagsusuri sa etikang pangkapaligiran, ang unang dapat maipakita ay ang pagkakaroon ng katayuang moral ng mga korporasyon. Bago tayo tumungo dito, tingnan muna natin ang negatibong pananaw na nagpapalagay na walang katayuang moral ang mga korporasyon. Ang pananaw na ito ay hango sa dalawang paniniwala: una, ang paniniwala na ang mga *natural* na bagay o nilalang *lamang* tulad ng mga tao at hayop, hindi pati mga artipisyal na nilalang tulad ng mga korporasyon at makina, ang maaaring magkaroon ng katayuang etikal; ikalawa, ang paniniwala na ang mga indibidwal lamang tulad ng mga indibidwal na tao at hayop, hindi pati mga kolektibo tulad ng mga grupo ng mga tao o hayop, ang maaaring magkaroon ng katayuang moral. Sa mga sumusunod, susuriin natin ang mga batayan ng mga paniniwalang ito.

Ang dalawang paniniwalang ito ay may palagay na ang katayuang moral ay isang *konseptong ontolohikal*. Ibig sabihin, ang esensyal sa kahulugan nito kung anong uri ng pag-iral ng nilalang na pinaniniwalaang nagtataglay nito. At lumalabas sa mga naturang paniniwala na inuunawa ito na maaaring taglayin lamang ng mga nilalang na may natural at indibidwal na pag-iral. Ang palagay na ito, subalit, ay hindi tinatanggap ng mga ilang pilosopo na ang isinusulong ay ang punksyonal na pag-unawa sa konsepto. Ayon

¹⁷ Ang mga temang tinalalakay dito ay tinalalakay din sa Mabaquiao, "Ang Kapaligiran at mga Korporasyon: Mula sa Rasyonalismong Pananaw."

sa pag-unawang ito, ang katayuang moral ay isang punksyonal na konsepto, kung saan ang esensyal sa kahulugan nito ay ang pagtaglay nito ng mga ilang katangian, ano man ang uri ng pag-iral nito.

Ang isa sa mga pilosopong nagsulong ng punksyonal na pananaw sa katayuang moral ay si Immanuel Kant. Para kay Kant, ang mga kakayahan ng katwiran at kalayaan, na tinatawag niya sa pangkalahatan na “rasyonalidad,” ang makabuluhang nagbibigay ng katayuang etikal sa isang bagay o nilalang, ano man ang uri ng pag-iral ng nilalang na ito. Sa sarili niyang pananalita: “Dahil sa ang moralidad ay nagsisilbing isang batas para sa atin dahil lamang tayo ay mga rasyonal na nilalang, ito ay dapat ding manaig para sa lahat ng mga rasyonal na nilalang; at dahil sa ito ay mahihinuha mula sa katangian ng kalayaan, kailangang maipakita na ang kalayaan ay isa ring katangian ng lahat ng mga rasyonal na nilalang.”¹⁸ Para kay Kant, ang lahat ng mga rasyonal na nilalang, mga nilalang na taglay ang rasyonalidad, ay may katayuang moral. Ang tao, samakatuwid, ay may katayuang moral dahil lamang siya ay isang rasyonal na nilalang. Ibig sabihin, kung mayroon pang ibang nilalang, bukod sa tao, na rasyonal, ito ay may katayuang moral.

Sa pananalita ni Kant:

*Kapag idadagdag pa natin na, kung hindi natin itatanggi na ang kaisipan na ang moralidad ay may katotohanan o tumutukoy sa isang posibleng bagay, kailangan nating tanggapin na ang batas nito ay balido; hindi lamang para sa mga tao, kundi para sa lahat ng mga rasyonal na nilalang sa pangkalahatan, hindi lamang sa mga kondisyong di-tiyak o eksepsiyonal, bagkus may ganap na pangangailangan, kung sa gayon maliwanag na walang karanasan ang maaaring magbigay abilidad sa atin na mahinuha ang posibilidad ng mga naturang apodiktikong batas.*¹⁹

¹⁸ Immanuel Kant, “The Fundamental Principles of the Metaphysics of Morals.” In *Great Books of the World*. Vol. 42 Kant, edited by Robert Maynard Hutchins (Chicago: Encyclopaedia Britannica, Inc., 1952), 280: “For as morality serves as a law for us only because we are rational beings, it must also hold for all rational beings; and as it must be deduced simply from the property of freedom, it must be shown that freedom also is a property of all rational beings.”

¹⁹ Immanuel Kant, “The Fundamental Principles of the Metaphysics of Morals.” *Basic Writings of Kant*, trans. Thomas Abbot, edited by Allan Wood (New York: The Modern Library, 2001), 166: “When we add further that, unless we deny that the notion of morality has any truth or reference to any possible object, we must admit that its laws must be valid, not merely for men, but for all rational creatures generally, not merely under certain contingent conditions or with exceptions, but with absolute necessity, then it is clear that no experience could enable us to infer even the possibility of such apodictic laws.”

Sa kontemporaryong panahon, ang pananaw ni Kant ay isinusulong ni Peter French.²⁰ Para kay French, ang mga katangiang kailangang taglay ng isang nilalang upang magkaroon ng katayuang etikal ay ang mga kakayahang: (1) kumilos nang naaayon sa intensyon, (2) isaalang-alang ang mga makatwirang argumento tungkol sa mga pamamaraan ng pagkamit ng mga pansariling interes, at (3) gumawa ng mga kinakailangang pagbabago sa mga kilos na nakakasakit sa ibang tao. Tulad ni Kant, naniniwala si French na kung may iba pang uri ng mga bagay bukod sa mga tao na taglay ang parehong mga kakayahan, ang mga bagay na ito ay mayroon ring katayuang etikal. Ang mga kakayahang binanggit ni French ay, kung susuriin nang mas maigi, ay walang pinagkaiba sa katangiang rasyonalidad na binanggit ni Kant. Hindi nga lamang nagbigay ng konkretong halimbawa ng mga iba pang mga rasyonal na nilalang bukod sa tao si Kant. Samantala, sa pananaw ni French, ang mga iba pang mga rasyonal na nilalang na ito, sa kasalukuyang panahon, ay kinabibilangan ng mga korporasyon. Ano pa man, malinaw sa pananaw nina French at Kant na hindi mahalaga ang kauriang ontolohikal ng isang bagay para magkaroon ito ng katayuang etikal. Hindi mahalaga kung ito ay isang pisikal o metapisikal na bagay, o kaya naman ay isang natural o artipisyal na bagay; ang mahalaga ay kung taglay nito ang katangian ng rasyonalidad.

Ang kaigihan ng punksyonal na pananaw, laban sa ontolohikal na pananaw, ay hindi limitado lamang sa tao ang pagkakaroon ng katayuang moral. Kung may mga nilalang na nagpapakita ng rasyonalidad, bagamat hindi mga tao, halimbawa ang mga nilalang galing sa mga ibang mundo o planeta, ang mga ito ay maituturing din na may katayuang moral. Bagamat magkaiba ang mga prinsipyong etikal, ang utilitarismo ay punksyonal din ang pananaw, dahil para dito ano mang nilalang ang may pakiramdam ng kasakitan o kasiyahan ay may katayuang moral. Ang ontolohikal na pananaw, sa katunayan, ay mauuwi sa diskriminasyong tinawag ni Singer na “speciecism.”

Samakatuwid, ang uri ng pag-iral ng isang nilalang, ito man ay espirital, pisikal, natural, o artipisyal, ay hindi mahalaga sa pagkakaroon ng katayuang moral. Ang mahalaga lamang ay ang pagtaglay nito ng mga kailangang katangian. Ang punto tungkol

²⁰ Peter French, “The Corporation as a Moral Person,” in *Business Ethics: A Philosophical Reader*, edited by Thomas White (New York: Macmillan Publishing Co., 1993), 228-235.

sa kolektibong pag-iral, subalit, ay kailangan ng karagdagang paglilinaw, dahil kailangang maipakita na ang pagkakaroon ng mga korporasyon ng mga nararapat na katangian para sabihin ang mga ito ay may katayuang moral ay *hindi sa metaporikal na pamamaraan lamang*. Ibig sabihin, ang pahayag na “taglay ng mga korporasyon ang mga nararapat na kakayahan” ay hindi isang metaporikal na pananalita lamang, na ang totoong ibig ipakahulugan ay “taglay ng mga taong gumagawa ng mga desisyon para sa mga korporasyon ang mga nararapat na kakayahan.”

Sa pagtugon ni French sa puntong ito, ipinaliwanag niya na ang mga layunin at desisyon ng isang korporasyon ay bunga ng isang *panloob na mekanismo* kung saan ang mga iba’t ibang partikular na layunin at desisyon ng mga taong nasa puwesto na gumagawa ng mga desisyon para sa korporasyong ito, tulad ng mga manejer, direktor, at superbaysor, ay nagiging mga kolektibong layunin at desisyon na ng korporasyong ito. Dahil dito, ang mga desisyon at layunin ng isang korporasyon ay may *sariling identidad*, at hindi pinagsama-sama lamang na mga indibidwal na desisyon at layunin ng mga indibidwal na tao. Ito, sa katunayan, ang pinagkaiba ng isang korporasyon sa isang pawang grupo ng mga tao na walang kaugnayan sa isa’t isa. Ang mekanismong tinukoy ni French ay tinawag niyang *Corporate Internal Decision (CID) Structure*: “Ang estrukturang CID ng korporasyon ang siyang nagbibigay pahintulot na kumilos ito bilang isang independyenteng rasyonal na aktor sa lipunan, at siyang nagbabago ng mga iba’t ibang kilos ng tao tungo sa isang pangkorporasyong kilos.”²¹

Alinsunod dito, ang pagkakaroon ng pananagutang moral ng mga korporasyon ay hindi rin metaporikal, kung saan ang ibig lamang ipakahulugan ay ang mga indibidwal na gumawa ng mga desisyon sa korporasyon ang may pananagutang moral. Ang korporasyon ay may pananagutang moral dahil ito ay isang personang moral. Subalit hindi ibig sabihin nito na wala nang pananagutan moral ang mga tagadesisyon sa korporasyon. Ipinaliwanag ni Christopher Meyers na bilang mga indibidwal, mayroon pa ring pananagutang moral ang mga manejer, direktor, at superbaysor sa antas ng kanilang pag-apruba sa mga desisyon na ang mga ito naaayon sa mga patakaran at layunin ng kanilang korporasyon, lalung-lalo na

²¹ French, “The Corporation as a Moral Person,” 15: “It is the corporation’s CID structure that allows it to be an independent rational actor on the social scene, and that converts various human behaviors and actions into corporate intentional action.”

sa mga sitwasyong mayroon silang mga pagtutunggali sa kanilang mga interes at pananaw:

... doon sa mga kaso kung saan may totoong pagkakaiba sa mga interes, napagtibay na na ang mga indibidwal na incorporator ay siguradong sumasang-ayon sa anumang kompromiso ng mga interes na ito. At bilang mga partido sa kasunduan, kahit na ang mga termino ng kasunduan ay hindi ang ideyal, bilang mga indibidwal, na gugustuhin nila, sila ay may pananagutan sa kanilang mga kilos na uusbong sa kasunduan ang mga manedyers, bisor, tagapangulo ng mga departamento, at iba pa, na kumikilos sa papel nila bilang tagahatol sa mga polisiya ng kompanya, ay nagtataglay ng ilang antas ng personal na pananagutan sa kilos pangkorporasyon.²²

Hango sa mga pagsusuri nina French at Meyers, ang mga korporasyon, samakatuwid, ay may katayuang etikal sa literal na kahulugan nito. Ito ay dahil taglay ng mga korporasyon ang mga nararapat na kakayahan o ang katangian ng isang nilalang na may katayuang moral. Nangyari lamang na para kay French, alinsunod sa mga kaisipan ni Kant, ang mga katangiang ito ay ang bumubuo sa katangian ng rasyonalidad.

Rasyonalismong Pananaw sa Etikang Pangkapaligiran

Hango sa ating pagtalakay sa larangan ng etikang pangkapaligiran sa unang bahagi, tatlo ang mga pinagtatalunang katangian na may halagang etikal ng mga pananaw sa naturang larangan: (1) ang kakayahang kumilos ng makatwiran at malaya (homosentrismo); (2) ang kakayahang umiral o mabuhay sa mga sistemang ekolohikal (biosentrismo); at (3) ang kakayahang makaramdam ng mga kasakitan at kasiyahan (utilitarismo). Nakita naman natin sa ikalawang bahagi na ang nagbibigay ng katayuang moral sa mga korporasyon ay ang rasyonalidad nito: ang kakayahan nitong kumilos ng makatwiran at malaya. Ang ibig sabihin nito ay

²² Christopher Meyers, "The Corporation, its Members, and Moral Accountability" in *Business Ethics: A Philosophical Reader*, edited by Thomas White (New York: Macmillan Publishing Co., 1993), 257-59: "... in those cases where there was a true disparity of interests, the individual incorporators certainly agreed upon whatever compromise of these interests was established. And as parties to that agreement, even if the terms were not ideally what, individually, they would have desired, they are accountable for the actions that emerge from the agreement...managers, supervisors, division chiefs, etc., acting in the role of arbitrator/referee of company policy, acquire some measure of personal accountability for corporate action."

ang pananaw ng homosentrismo ang naaayon na teorya sa etikang pangkapaligiran na gumabay sa mga kilos ng korporasyon tungo sa kalikasan.

Bilang mga artipisyal na bagay at samakatwid hindi likas na bahagi ng kalikasan, hindi makabuluhang sabihin na ang mga korporasyon ay may kakayahang umiral o mabuhay sa mga sistemang ekolohikal sa kalikasan. Sa dahilang ito, sadyang hindi posibleng tingnan ang pakikitungo ng mga korporasyon sa kalikasan sa biosentrismong pananaw. Sa kabilang banda, malinaw rin na walang kabuluhang pag-usapan kung may likas na kakayahang makaramdam ng kasakitan o kasiyahan ang mga korporasyon sa simpleng kadahilanan na wala namang mga emosyon o mga pandama ang mga ito. Bagama't makabuluhang pag-usapan ang mga kawalan at benepisyong mga korporasyon sa kanilang mga desisyon at gawa, hindi naman ang mga korporasyon ang mga nakakaramdam ng kasakitan sa mga kawalang ito (tulad kapag nalugi ang mga ito) at ng kasiyahan sa mga benepisyong ito (tulad kapag kumita ang mga ito ng malaking halaga). Ang mga taong bumubuo ng mga korporasyon ang mga nakakaramdam nito, hindi ang mga korporasyon mismo. Dahil dito, hindi rin makabuluhang gabayan ng utilitarismo ang mga kilos ng mga ito tungo sa kalikasan.

Ating siyasatin ngayon ang homosentrismong pananaw kaugnay ng mga kilos pangkorporasyon. Dahil ang ipinapahiwatig ng katawagang “homosentrismo” ay tao ang sentro ng mga pagpapahalagang moral, hindi na ito akmang katawagan kung isasali natin ang mga korporasyon. Sa puntong ito, sa aking palagay, mas akma ang katawagang “rasyonalismo.” Sa ganitong katawagan, malinaw na ang pinaniniwalaang may katayuang moral ay lahat ng mga rasyonal na bagay o nilalang, at hindi lamang ang mga tao. Ngayon, sa rasyonalismong pananaw, hindi na lamang ang pakikitungo ng tao sa kapwa niya mga tao ang may halagang etikal kundi ang mga sumusunod na pakikitungo rin: (1) *ang pakikitungo ng tao sa korporasyon*, (2) *ang pakikitungo ng korporasyon sa tao*, at (3) *ang pakikitungo ng korporasyon sa kapwa nito mga korporasyon*.

Subali't sa paanong paraan mabibigyan ng mga limitasyon ng ganitong pag-unawa ang mga maaaring gawin ng mga korporasyon sa kalikasan? Ang kasagutan dito ay dahil ang ang pagtrato ng korporasyon sa kalikasan ay may epekto sa mga tao, ang pagtrato ng korporasyon, samakatwid, sa kalikasan ay isa ring pakikitungo

ng korporasyon sa tao at ginagabayan din ng parehong prinsipyong etikal na gumagabay sa pakikitungo ng korporasyon sa tao, at ng tao sa kanyang kapwa-tao. Dahil dito, ang nararapat na prinsipyong pang-etika ay yaong gumagabay sa mga pakikitungo ng mga rasyonal na nilalang sa isa't isa. At ito mismo ay tumutukoy sa prinsipyong pang-etika na isinulong ni Kant, ang kanyang *imperatibong kategorikal*. Ang pormulasyon nito kung saan direktang nakatutok sa pakikitungo ng mga rasyonal na nilalang sa isa't isa ay ang prinsipyo ng paggalang sa tao. Ayon muli sa prinsipyong ito, ang tao ay nararapat makitungo sa kanyang mga kapwa-tao sa paraang hindi sila ginagamit lamang upang matugunan ang kanyang mga pansariling interes, kundi sa paraang ginagalang din ang kanilang katayuang moral o ang kanilang pagiging rasyonal.

Subali't nararapat na bigyang-diin na ang nabanggit na prinsipyo ni Kant, alinsunod sa kanyang palagay na ang rasyonalidad ng isang nilalang ang nagbibigay dito ng katayuang moral, ay *hindi lamang* para sa tao kundi para rin sa lahat ng rasyonal na nilalang. Ito ay binigyang-diin mismo ni Kant:

*Ngayon ang aking sasabihin: ang tao at sa pangkalahatan ang anumang rasyonal na nilalang ay umiiral nang sa sarili niya, hindi bilang isang kaparaanan na arbitraryong gagamitin nito o niyan, bagkus sa lahat ng kanyang kilos, kung ito man ay may kinalaman sa kanya o sa ibang rasyonal na nilalang, ay kailangang palaging ituring sa parahong panahon na bilang isang tunguhin.*²³

Sa pagsasaalang-alang ng konsiderasyong ito, mas akma na tawagin ang naturang prinsipyo ni Kant na *prinsipyo ng paggalang sa mga rasyonal na nilalang*. Gayun pa man, tulad ng paggalang ng isang tao sa mga kapwa niya mga tao, ang isang korporasyon, bilang isang rasyonal na nilalang, ay, samakatwid, nararapat na galangin ang mga karapatan ng mga kapwa nito mga rasyonal na nilalang, na kinabibilangan ng mga tao at mga kapwa nito mga korporasyon. Ito ay nangangahulugan na may tungkuling etikal ang isang korporasyon na hindi ituring ang mga tao at iba pang mga korporasyon na pawang pangkagamitan lamang o, sa partikular,

²³ Kant, "The Fundamental Principles of the Metaphysics of Morals," 185: "Now I say: man and generally any rational being exists as an end in himself, not merely as a means to be arbitrarily used by this or that will, but in all his actions, whether they concern himself or other rational beings, must be always regarded at the same time as an end."

pawang pagkakakitaan lamang. Ang mga karapatan ng mga tao at ng mga iba pang mga korporasyon ay nagsisilbing mga limitasyon sa mga pamamaraan ng isang korporasyon para kumita.

Ngayon, ang isang pundamental na karapatan ng mga tao (sa kasalukuyan at mga hinaharap na henerasyon) ay karapatang *mabuhay sa isang kapaligirang malinis at angkop sa malusog na pamumuhay*. At *walang ibang pamamaraan* upang maisakatuparan ng mga korporasyon ang paggalang sa karapatang ito kundi ang pangalagaan nila ang kalikasan o kapaligiran, o siguruhing hindi hahantong sa mga kasiraang pangkilakasan ang kanilang mga kilos pangnegosyo. Ang paggalang sa nabanggit na karapatan ng mga tao ang siyang magtatakda ng mga limitasyon sa paggamit ng mga korporasyon ng mga yaman ng kalikasan upang matugunan ang kanilang interes na kumita. Hindi isinasaad ng prinsipyong etikal na ito na hindi dapat gamitin ang kalikasan ng mga rasyonal na nilalang, tulad ng mga tao at korporasyon, upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan—kung hindi gagamitin ng mga tao at korporasyon ang kalikasan, paano mabubuhay ang mga tao at paano kikita ang mga korporasyon? Ang isinasaad lamang ay sa paggamit ng mga rasyonal na nilalang ng kalikasan upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan ito dapat ay sa pamamaraang ginagalang din ang mga karapatan ng mga rasyonal na nilalang.

Kongklusyon

Bilang buod, naipakita natin sa sanaysay na ito ang mga sumusunod. Una, maraming sanhi ang krisis pangkapaligiran; at ang sanhing tinutugunan ng etika ay yaong may kinalaman sa perspektibo o paniniwala tungkol sa halaga ng kalikasan sa tao. Ikalawa, ang iba't ibang teorya o pananaw sa etikang pangkapaligiran ay iba't ibang pamamaraan, alinsunod sa kung anong katangian ang itinuturing na may likas na halaga, ng pagbibigay-katwiran sa tungkuling moral ng tao na pangalagaan ang kalikasan. Ikatlo, sa mga posibleng sanhi ng kasariang pangkalikasan, ang malakihang may naiaambag ay ang mga institusyong pangnegosyo na mga korporasyon. Dahil dito, ipinapalagay na kritikal ang kanilang maiaambag sa paglutas ng krisis pangkapaligiran; kung kaya mahalagang ituon ang pagsusuri sa etikang pangkapaligiran sa kanilang mga kilos pangnegosyo.

Ikaapat, hindi sapat ang mga prinsipyong pang-ekonomiya at batas pampamahalaan upang siguruhin na ang mga kilos pangkorporasyon ay hindi hahantong sa kasiraang pangkalikasan. Ikalima, ang mga korporasyon, dahil sa kanilang rasyonalidad, ay may katayuang moral kung kaya karapat-dapat na tagapagtaglay ng mga tungkuling moral. Ito, subalit, ay nangangahulugan na ang akmang prinsipyong pang-etika na gumabay sa kanilang pakikitungo sa kalikasan ay hango sa isang rasyonalismong pananaw tulad ng isinulong ni Kant.

Talasanggunian

- Callicot, J. Baird. "An Ecocentric Environmental Ethic." *Applying Ethics*. 6th edition. Ed. Jeffrey Olen and Vincent Barry, 485-491. New York: Wadsworth Publishing Co., 1999.
- Coates, John. "The Environmental Crisis: Implications for Social Work." *Journal of Progressive Human Services* 16, no. 1 (2005): 25-49.
- _____. "Exploring the Roots of the Environmental Crisis: Opportunity for Social Transformation." *Critical Social Work* 4, no. 1 (2003). Retrieved from: <http://www1.uwindsor.ca/criticalsocialwork/exploring-the-roots-of-the-environmental-crisis-opportunity-for-social-transformation.>
- Dobson, John. "Defending the Stakeholder Model: A Comment on Hasnas, and on a Dunfee's MOM." *Business Ethics Quarterly* 9, no. 2 (1999): 337-345.
- Elliot, Alexander, James Cullis, and Vinita Damodaran, eds. *Climate Change and the Humanities: Historical, Philosophical and Interdisciplinary Approaches to the Contemporary Environmental Crisis*. London: Palgrave Macmillan, 2017.
- French, Peter. "The Corporation as a Moral Person." In *Business Ethics: A Philosophical Reader*, edited by Thomas White, 228-235. New York: Macmillan Publishing Co., 1993.
- _____. *Corporate Ethics*. New York: Harcourt Brace and Company, 1995.
- Hoffman, Michael. "Business and Environmental Ethics." In *Business Ethics: A Philosophical Reader*, edited by Thomas White, 830-839. New York: Macmillan Publishing Co., 1993.
- Hollander, Jack. *The Real Environmental Crisis: Why Poverty, Not affluence, is the Environment's Number One Enemy*. Berkeley: University of California Press, 2003.
- Jamieson, Dale. *A Companion to Environmental Philosophy*. Oxford: Balckwell, 2001.
- Kant, Immanuel. "The Fundamental Principles of the Metaphysics of Morals." In *Basic Writings of Kant*, trans. Thomas Abbot, edited by Allan Wood, New York: The Modern Library, 2001.
- _____. "The Fundamental Principles of the Metaphysics of Morals." In *Great Books of the World*. Vol. 42 Kant, edited by Robert Maynard Hutchins. Chicago: Encyclopaedia Britannica, Inc., 1952a.

- _____. Critique of Practical Reason. In *Great Books of the Western World*, edited by Robert Maynard Hutchins, Colorado: Encyclopedia Britannica, Inc., 1952b.
- Leopold, Aldo. "The Land Ethic." In *Applying Ethics*, 6th edition, edited by Jeffrey Olen and Vincent Barry, 460-469. New York: Wadsworth Publishing Co., 1999.
- Mabaquiao, Napoleon Jr. "Ang Mabuting Kalooban at Sukdulang Prinsipyo ng Etika: Mula sa Pananaw ni Immanuel Kant." *Malay* 17, no. 1 (2006): 25-39.
- _____. "Corporations and the Cause of Environmental Protection." *Eubios Journal of Asian and International Bioethics* 12 (2002): 11-15.
- _____. "Ang Kapitaligiran at mga Korporasyon: Mula sa Rasyonalismong Pananaw." *Malay* 23, no. 1 (2010): 111-125.
- _____. *Making Life Worth Living: An Introduction to the Philosophy of the Human Person*. Quezon City: Phoenix Publishing House (2017).
- Meyers, Christopher. "The Corporation, its Members, and Moral Accountability." In *Business Ethics: A Philosophical Reader*, edited by Thomas White. 251-260. New York: Macmillan Publishing Co., 1993.
- Shaw, William, H. *Business Ethics*. California: Wadsworth Publishing Co., 2002.
- Singer, Peter. "The Place of Nonhumans in Environmental Issues." In *Business Ethics: A Philosophical Reader*, edited by Thomas White. 849-854. New York: Macmillan Publishing Co., 1993.
- _____. 2011. *Practical Ethics*. 3rd Edition. New York: Cambridge University Press.
- _____. "All animals are equal... or why supporters of liberation for blacks and women should support animal liberation too." In *Applying Ethics*, 6th edition, edited by Jeffrey Olen and Vincent Barry, 411-423. New York: Wadsworth Publishing Co., 1999.
- Steinbock, Bonnie. "Specieism and the Idea of Equality." In *Applying Ethics*, 6th edition, edited by Jeffrey Olen and Vincent Barry. 438-445. New York: Wadsworth Publishing Co., 1999.
- Taylor, Paul. "The Ethics of Respect for Nature." *Applying Ethics*, 6th edition, edited by Jeffrey Olen and Vincent Barry. 469-480. New York: Wadsworth Publishing Co., 1999.
- Velasquez, Manuel. *Business Ethics: Concepts and Cases*. New Jersey: Prentice Hall, 2000.

Mula sa Internet

"Marinduque Mining Disaster"

<http://www.socialwatch.org/sites/default/files/pdf/en/marinduque2005_phi.pdf>

"Top 10 Environmental Disasters"

<<http://content.time.com/time/specials/packages/completelist/0,29569,1986457,00.html>>

"25 Biggest Man Made Environmental Disasters In History"

<<http://list25.com/25-biggest-man-made-environmental-disasters-in-history/>>